



PATNUBAY SA PAGPAPAKASAL

Ang Klerk ng Lungsod ng Long Beach ay dalubhasa sa sining ng kasal. Magdaos man ng isang pribadong seremonya o kasama ang mga kaibigan at pamilya, masisiguro ng Klerk ng Lungsod na ang inyong kasal ay ayon sa batas, matiwasay at hindi malilimutan. Narito ang lahat ng kailangan ninyong malaman tungkol sa pagdaraos ng seremonya sa Opisina ng Klerk ng Lungsod...



1

KUNIN ANG LISENSYA SA KASAL

Bago i-iskedyul ang inyong seremonya ng kasal dito sa Munisipyo ng Long Beach, kailangan ninyong kumuha ng balidong lisensya sa kasal mula sa **Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk 12400 Imperial Hwy, Norwalk, CA 90650. (800) 815-2666 o (562)462-2137 - lavote.net**

2

I-ISKEDYUL ANG INYONG SEREMONYA

Pagkatapos ninyong makuha ang lisensya sa kasal, kayo ay handa na para i-iskedyul ang inyong seremonya. Sundin ang mga simpleng hakbang na ito at kayo ay nasa inyong daan patungo rito:

- ▶ **I-ISKEDYUL ANG INYONG SEREMONYA.** Magkakahalaga ng **\$35** sa pamamagitan ng cash para maidaos ang inyong seremonya sa Klerk ng Lungsod. Ang Klerk ng Lungsod ay pumapayag at kayang magbigay ng mga saksi sa halagang **\$20** sa pamamagitan ng cash. Para i-iskedyul ang seremonya, tumawag sa (562) 570-6101 o mag-email sa CityClerk@longbeach.gov. Tukuyin kung nais ninyong magsuot ng pormal na roba ang Klerk ng Lungsod habang nagdaraos ng seremonya.
- ▶ **MAMILI NG ORAS.** Ang mga seremonya ay naka-iskedyul Lunes - Biyernes mula 9 ng umaga - 4 ng hapon ayon sa kahandaan ng Klerk ng Lungsod.

- ▶ **MAMILI NG LOKASYON.** May maraming mga pagpipilian sa loob at paligid ng Opisina ng Klerk ng Lungsod upang maidaos ang inyong seremonya. Kabilang sa mga ito ang:
- Ang Office of the City Clerk (kung mayroong mababa sa 6 na tao)
 - Kahit saan sa City Hall Plaza (Sa labas o sa Lobi)

3

ARAW BAGO ANG SEREMONYA

Ang Opisina ng Klerk ng Lungsod ay tatawag upang kumpirmahin ang lahat ng mga detalye at sagutin ang mga huling minuting kahilingan.

4

MGA BAGAY NA DADALHIN

- LISENSYA SA KASAL** at kopya na nakapaloob sa sobre (kailangang maging balido sa loob ng 6 na buwan mula sa unang pagpapalabas).
- MGA BALIDONG PORMA NG I.D.** kabilang sa mga opsyon ay Lisensya ng Pagmamaneho, I.D. Kard na Naipalabas ng Pamahalaan o Pasaporte ng Estados Unidos.
- BAYAD SA PAMAMAGITAN NG CASH** sa halagang **\$35** (at ang karagdagang **\$20** kung ang Klerk ng Lungsod ay magbibigay ng saksi).
- MGA OPSYONAL NA SINGSING** na pagpapalitan o mga pansariling panata.



ARAW NG INYONG SEREMONYA

Mag-tsek in sa Opisina ng Klerk ng Lungsod upang maberipika ang babayaran, lisensiya kasal, at irepaso ang kahit anong huling minutong detalye at mga kahilingan. Ang Klerk ng Lungsod ay maghahatid sa mga panauhin sa kanilang napiling lokasyon at magdadaos ng seremonya. Kaagad kasunod ng seremonya:

- ▶ Pupunan ng mga saksi at Klerk ng Lungsod ang lisensiya sa kasal.
- ▶ Oras para sa pagkuha ng mga litrato (mga potograpo ay tiyak na inaanyayahan!)
- ▶ Ang Klerk ng Lungsod ay nagbibigay ng kopya ng lisensiya sa kasal sa bagong magkabayak na kinasal. Responsibilidad ng Klerk ng Lungsod na ipadala sa pamamagitan ng koreo ang lisensiya sa kasal sa Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk.
- ▶ Ang lisensiya sa kasal ay magiging sertipiko ng kasal. Ang sertipikadong kopya ay maaaring makuha mula sa Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk ayon sa inyong kahilingan.



MGA KATANUNGAN?

OFFICE OF THE CITY CLERK • CITY HALL • LOBBY LEVEL • 333 W. OCEAN
BLVD • LONG BEACH, CA 90802 • TELEPONO 562 570 6101
LONGBEACH.GOV/CITYCLERK • CITYCLERK@LONGBEACH.GOV